Presented at the 11th DLSU Arts Congress
De La Salle University, Manila, Philippines
February 7 and 8, 2018

# Ang mga "Mukha ng Paniniil" ni Iris Marion Young at Ekofeminismo: Tungo sa Pagpapaunlad ng Diskursong Pang-Kalikasan

Raemel Niklaus P. Leyretana
*Kagawaran ng Pilosopiya, Pamantasang De La Salle*
*Senior High School Department, Dalubhasaan ng San Beda Alabang*
*raemel_leyretana@dlsu.edu.ph*

**Abstrak:** Isa sa mga paksa na malimit maisantabi ng lipunan ay ang usapin ukol sa kalikasan. Maraming mga ideyang lumulutang at binibigyang-buhay ang mga kaisipang ito sa pamamagitan ng mga konkretong proyekto. Sa kabila ng mga usapin na ito, nagiging kabilang pa rin ang usaping pang-kalikasan sa mga nakakalimutang diskurso ng lipunan; anupa't batid ang katotohanang malaki ang gampanin ng kalikasan sa pang araw-araw na pag-iral ng tao. Hinahangad ng papel na ito na makapagbigay-ambag sa diskurso sa pamamagitan ng pag-uugnay ng mga mukha ng paniniil ni Iris Marion Young at ekofeminismo. Bagaman si Iris Marion Young ay kilalang pulitikal na pilosoper, hindi hangad ng may-akda na pag-usapan ang kanyang mga pulitikal na kaisipan bagkus kung papaanong ang kanyang pilosopiya ay kinakitaan ng kaugnayan sa ekofeminismo. Sa panig naman ng ekofeminismo, hindi tinalakay ng may-akda ang iba't-ibang klase ng kaisipan sa ilalim ng malabay na konsepto ng ekofeminismo. Tanging mga pangunahing ideya lamang ng ekofeminismo ang ginamit para sa papel na ito. Ipinapalagay ng papel na ito na umiiral ang ugnayan kay Young at sa ekofeminismo; ang mga ito naman ang mga mahahalagang kaisipan na nagsusulong sa diskursong pang-kalikasan. Iminumungkahi ng may-akda ang magkaroon ng pagbabago ng perspektibo at tingnan ang mga koneksyong nahanap upang maging positibong porma ng paniniil.

**Mga susing salita:** Iris Marion Young; ekofeminismo; feminismo, kalikasan; ekolohiya

## PANIMULA

Madaling ipalagay na mayroong kamalayang umiibabaw tungkol sa diskursong pang-kalikasan. Sa pagmamasid-masid sa mga pangunahing pahayagan at mga *website*, makikitang buhay ang mga taong nagnanais makibahagi sa isyung pang-kalikasan. Kabi-kabila ang mga isinasagawa na pagtatanim ng iba't ibang uri ng puno gayundin ang samu't saring mga gawaing paglilinis ng mga komunidad.

Anupa't sa kabila ng mga gawaing ito, nananatili pa ring isang malawakang suliranin ang panatilihin ang kalinisan at kaayusan sa kalikasan. Sa dinami-dami ng mga inisyatibong ito, tila baga isang katanungan ang pilit lumulutang: Ano pa ang magagawa upang mas lalong mapaunlad ang mga usapin at gawaing pang-

kalikasan? Kung titignan kasi nang mas malalim, totoong maraming nagagawa ang iba't ibang sektor ng lipunan maging ng pamahalaan subalit ang mga ito ay tila usad-pagong, paulit-ulit, at hindi tuluyang nagiging kapaki-pakinabang. Nasasayang ang salapi, talento, oras, at pagpapagal para sa mga ganitong gawain.

Maliwanag pa marahil sa sikat ng araw ang kahalagahan na mapag-usapan ang mga isyu ukol sa kalikasan. Sa punto de vista ng relihiyon, ipinagkatiwala sa tao ang kalikasan upang alagaan at hindi abusuhin. Sa agham naman, patuloy ang paglinang sa mga imbensyong nagsusulong sa mga alternatibong pamamaraan upang hindi maubos ang mga natural na pinagkukunang-yaman. Para sa mga aktibista, mahalaga na mapangalagaan ang daigdig sapagkat kung wala ito, hindi mabubuhay ang tao. Nakapagtataka lamang na kahit sinliwanag o higit pa sa sikat ng araw ang kahalagahan ng usaping ito, gaya ng naunang nabanggit, mas bumibilis ang pagkasira ng kalikasan.

Hangad ko sa aking akda na magbigay ng kontribusyon sa usaping ito sa pamamagitan ng pagtingin sa mga kaisipan ni Iris Marion Young at sa posisyong ekofeminismo. Sa panig ni Iris Marion Young, gagamitin ko ang kanyang sanaysay na *Five Faces of Oppression* o (tatawagin kong) mga "mukha ng paniniil" para sa usaping ito. Ang sanaysay na ito ni Young (1990: 39-65) ay makikita sa kanyang librong *Justice and the Politics of Difference.* Susubukan ko sa mga susunod na bahagi ng papel na ibigay ang mga mahahalagang kaisipan ng dalawang nabanggit, tukuyin ang mga parehong kaisipan, at ilahad bilang alternatibo sa pagpapalalim ng diskursong aking gustong pagtuunan ng pansin. Sa kahuli-hulihan ibig kong tingnan ang mga argumento na maaaring kontra sa aking ibig ilahad at mga posibleng kasagutan hinggil dito.

## Ang Mga Mukha ng Paniniil ni Iris Marion Young[1]

Ang sanaysay na *Five Faces of Oppression* ay makikita sa kanyang librong *Justice and the Politics of Difference*. Sa sanaysay na ito, hinahangad ni Young (1990: 40) na makapagbigay ng isang sistematikong kahulugan ng konsepto ng paniniil sa

[1] Si Iris Marion Young ay isang kilalang Amerikanong pilosoper na may reputasyon sa usaping pulitikal. Ipinanganak siya noong 1949 sa Lungsod ng New York at lumaki sa Astoria. Nakuha niya ang kanyang doktorado sa pilosopiya noong 1974 at sumulat tungkol kay Ludwig Wittgenstein para sa kanyang tesina. Ilan sa mga pamantasan na kanyang pinagsilbihan ay ang mga Pamantasan ng Miami, Pittsburgh, at Chicago. Laman ng kanyang mga pilosopiya ang inspirasyon mula sa mga kilalang pilosoper na sina Hannah Arendt, Emmanuel Levinas, John Rawls, Michel Foucault, atbp. Ang kanyang librong *Justice and the Politics of Difference*, ang nagsilbing patnugot sa kanyang malawakang pagkakakilanlan bilang pilosoper ng pulitika. (Tingnan kay: Demeterio 2014)

loob ng diskusyong pulitikal. Ani Young (1990: 40) sa tradisyonal na pagkakagamit, maaaring ipakahulugan na ang paniniil ay paggamit ng kalupitan o despotismo ng isang naghahari o isang grupong nangingibabaw sa isang lipunan. Sa ganitong pagtingin, mahihinuha na nakadepende lamang sa isa o iilan ang paniniil sa loob ng lipunan. Sila ang daluyan ng kawalang-kapantayan sa lipunan at dahil sa kanila kaya marami ang naghihirap o dili kaya'y nakararanas ng pag-agaw ng mga pangunahing karapatang-pantao. Subalit hindi ito ang paniniwala ni Young. Para kay Young hindi lamang dahil sa isang tao o sa isang minorya ang pag-iral ng paniniil. Mayroong paniniil dahil ito rin ay nakagawian na ng isang grupo ng tao at naging bahagi na ng kanilang kultura. Kung ibabagay ito sa usong ekspresyon ng mga Pilipino ngayon, marahil nababagay ang mga katagang, *kinain na ng sistema*. Ani Young [1990: 41 (*sa akin ang pagsasalin*)]:

> Ngunit ang paniniil ay tumutukoy din sa mga sistematikong balakid sa mga pangkat na hindi tahasang nagmumula sa desisyon ng punong-malupit (despot). Ang paniniil sa ganitong sitwasyon ay estruktural sa halip na kinalabasan ng mga kagustuhan ng isa o iilan. Mula ito sa mga hindi pinag-aalinlanganang nakagawian, pamantayan, at mga simbolo; sa mga palagay ukol sa mga batas-institusyonal at pangkalahatang kinalalabasan ng pagsunod sa mga batas na ito.

Kaya nga naman para kay Young, hindi madaliang mapapawi ang paniniil sa lipunan. Hindi sa pagtatanggal ng mga pinuno o pagluluklok sa iilan ang kasagutan upang mawala sa lipunan ang paniniil. Mayroong paniniil sapagkat ito ay naging bahagi na ng kultura o kagawian ng isang grupo ng tao. Ano ngayon ang kasagutang iminumungkahi ni Young? Makakamit lamang ang hustisya sa lipunan kung unti-unting kilalanin ang mga palatandaan o mukha ng mga paniniil.

Kung mayroong grupo ng taong nasisiil, tiyak na may grupo ng taong nagdudulot nito. Sa paggamit ng katagang "grupo" hindi ibig ipakahulugan ni Young na ito ay nabuo lamang dahil sa mga parehong gawain o responsibilidad sa lipunan. Hindi ito tulad ng mga mag-aaral na nagtipon upang gumawa ng isang organisasyon gaya ng *math club*. Ni hindi rin ito dahil sa nakapaloob na ang tao sa isang asosasyon sa bisa ng kanilang awtomatikong pagiging bahagi nito. Halimbawa nito ang mga batang isinilang na Pilipino. Dahil sa ang mga magulang mo ay Pilipino, ikaw ay agarang nagiging bahagi ng komunidad ng mga Pilipinong nasa ilalim ng espesipikong kalipunan ng batas at mga pinuno. Ang grupong tinutukoy ni Young, sa kabilang banda, ay nabubuo dahil nararamdaman ng isa ang kanyang ugnayan sa ibang tao. Halimbawa nito ang mga Amerikanong itim at kababaihan. Marahil maipapangkat ang mga ito dahil sa kulay o kasarian subalit ang karanasan ng mga ito ay higit sa nabanggit. Nasisiil ang mga grupong ito dahil sila ay naisasantabi dahil sa mga negatibong imahen na ikinakabit sa kulay o kasarian.

At sa paanong paraan maaaring masiil ang mga grupong ito? Sa sanaysay ni Young, ang mga mukhang ito ay lima ang bilang. Ang mga porma ng paniniil na ito ay (1) pananamantala, (2) pagsasantabi, (3) kawalang-kapangyarihan, (4) kultural na imperyalismo, at (5) karahasan.

*Pananamantala.*

Isa sa mga pagtuligsa ni Young sa kapitalismo, na nanggagaling sa isang Marsistang perspektibo, ay ang kabalintunaan nito. Ipinapalagay ng kapitalismo na malaya ang isang indibidwal na abutin ang kanyang inaasam; subalit, nakapagtataka sa isang kapitalistang lipunan na mayroon pa ring hikahos sa kabila ng kapitalistang katuruan na ang lahat ay may kalayaan pagdating sa ekonomiya (Young 1990: 48). Ang sagot ani Young ay pananamantala. Pagdating naman sa usaping feminismo, kung mayroon lamang konsepto ng heterosekswalismo sa lipunan ito ay ang mahigpit na pagsandig sa panlalaking kaisipan (Young 1990: 51). Habang mayroong dalawang magkasalungat na grupo (ang isa na nakahihigit at yaong kabila na nagigipit), magiging kustombre ng isang lipunan na pagsamantalahan ang pangkat na nagigipit.

*Pagsasantabi.*

Ang konseptong ito ay may bahid-ekonomiya. Ang mga naisasantabi ay ang mga taong hindi kapaki-pakinabang o walang maiaambag sa paggawa. Ipinapalagay ni Young (1990: 53) na ang pagsasantabi ay ang pinaka-peligrosong mukha ng paniniil. Ito ay dahilan sa ang mga taong hindi naman nakapagpapalabay ng ekonomiya ay dapat na ipagsawalang-bahala. Ang kaukulang epekto nito sa mga naisasantabi ay lalong paghihirap. Paano kung halimbawa ay hindi hikahos sa materyal na bagay tulad ng mga tumanda na at retirado? Para kay Young, maaari pa ring makaranas ng pagsasantabi ang mga taong gaya ng nabanggit. Ang mga pakiramdam na "walang kabuluhan ang indibidwal, pagkabagot, at kawalan ng paggalang sa sarili" (Young 1990: 55) ay maaaring saklawin pa rin ng mukha ng pagsasantabi. Ani Young (Young 1990: 55):

> Habang ang pagsasantabi ay tahasang tumutukoy sa mga isyu ng naipapamahaging hustisya (*distributive justice*[2]), saklaw din nito ang kawalan

---

[2] Sa papel ni Dr. Feorillo Demeterio III na pinamagatang *Young's Theory of Structural Justice and Collective Responsibility,* ang *Distributive Model of Justice*, ay ang porma ng hustisya na hinahati at ipinamamahagi ang mga bagay-bagay sa tao. Halimbawa nito ang kinita ng isang komunidad mula sa pagsasaka. Sa ilalim ng modelong ito, makakamit lamang ang hustisya kung pantay na hahatiin at ipamamahagi ang kinita mula sa pagsasaka. Ang

> ng pakinabang mula sa mga kultural, praktikal, at institusyonal na mga kondisyon upang aktibong magamit ang mga kakanyahan sa konteksto ng pagkilala at pakikisalamuha.

*Kawalang-kapangyarihan.*

Gaya ng nabanggit, nagkakaroon ng paniniil sa isang lipunan kung may magkasalungat na grupo. Ang mga nasisiil ay yaong nawawalan ng kapangyarihan o lakas sa lipunan sa dahilang hindi pinapansin ang kanilang mga opinyon o boses. Ang mga taong walang lakas ay nagkukulang sa estado at awtoridad na kalimitang mayroon ang mga taong propesyonal (Young 1990: 57). Madaling kakitaan ng galing o pagkalooban ng oportunidad ang mga propesyonal dahil sila ang mga tinitingnan ng lipunan na may kayang sabihin dahil sa sila ay mga nakapag-aral. Sila ay iginagalang ng lipunan at inilululuklok sa pedestal ng isang komunidad dahil may mga kaparaanan silang kakaiba sa mga hindi propesyonal.

*Imperyalismong Kultural.*

May mga kultura na tinitingala ng nakararami at dahil dito ay tila nagiging pamantayan ito ng isang lipunan (Young 1990: 59). Halimbawa nito ang mga pahimakas ng mga sosyolohista at makabayan na unti-unting niyayakap ng mga Pilipino ang kulturang kanluranin. Dahil ito ay naging pamantayan na ng lipunan, hindi na nito kinukwestyon ang pananakop ng ibang kultura. Kung sakali namang may mga mamamayang naglalakas-loob na ihain ang kanilang mga hinaing laban sa pananakop na ito, hindi sila pinapansin ng nakararami; nakasanayan na kasi o naging sistema na kasi ito ng komunidad. Isa pang halimbawa nito ang kawalan ng tiwala sa mga muslim na nagkaroon na ng hindi-magandang imahe, o dili kaya na ang kababaihan ay tanging pambahay lamang at hindi na kinakailangang magtrabaho. Sa kanyang akda, binigyang-pansin ni Young (1990, 60) ang konsepto ng *double consciousness* ni William Du Bois. Ani Du Bois, ang *double consciousness* ay yaong pagsukat sa sarili sa pamamagitan ng pagtingin sa ginagawa ng iba. Imbis na titigan ng indibidwal ang sariling mata sa pagtitig sa salamin, nakikita niya ang mata ng iba; sinasakop siya ng mga nakagisnan ng mga taong malayo naman ang karanasan sa kanya.

---

ganitong sistema ng hustisya ay mula sa kaisipan ni Karl Marx. Ayon kay Young, kulang at mapagpanggap ang *distributive model* sapagkat sinisikap nitong hatiin at ipamahagi ang mga bagay na hindi naman kayang bilangin tulad ng respeto, karapatan, kapangyarihan, at mga oportunidad. Ang *distributive model*, sa pagkritiko ni Young, ay naaangkop lamang sa mga bagay na kayang bilangin at ipamahagi. (Tingnan kay: Demeterio 2014)

*Karahasan*.

Hindi lang basta mayroong mga pangkat sa lipunan na naisasantabi; sila rin ay posibleng biktima ng karahasan. Kahit na wala silang ginagawang masama o di-moral sa lipunan, sila ay nagiging biktima ng panlilibak ng iba dahil sa kaukulang impresyon mayroon ang lipunan sa kanila. Sa ganitong anggulo ipinapalagay ni Young na ang karahasang nararanasan ng mga naisasantabi ay sistematiko. Ito ay malalim na nakadikit na sa kanila sapagkat ito ay nakagawian o nakasanayan na ng komunidad. Para kay Young (1990: 62), ang karahasang ito ay ginagawa nang paulit-ulit ng lipunan; at patuloy itong nangyayari kahit hindi batid ng mga taong bumubuo ng isang komunidad. Ang masama pa rito, aniya (1990: 62), ay dahil marami ang gumagawa ng karahasan, ito ay nagiging ordinaryo o lehitimo na sa pagtakbo ng panahon. Sa kahuli-huliha'y ang karahasan at imperyalismong kultural ay magka-ugnay sapagkat maaaring ang karanasang umiiral ay dahil sa impluwensya ng ibang sistemang kultural (Young 1990: 63).

**Ekofeminismo**

Ipinapalagay ng ekofeminismo na mayroong ugnayan ang nararanasang paniniil ng kababaihan at ang pag-alipusta sa kalikasan. Sa librong *New Woman New Earth* ni Rosemary Radford Ruether (1975: 204), mayroong pagkakapareho ang estado o kalagayan ng kalikasan at kababaihan. Ang pagkakaparehong ito aniya ay pareho silang nakararanas ng pananakop. Para sa mga ekofeminista, hindi lamang mayroong ugnayan ang kababaihan at kalikasan subalit ang mga ugnayang ito ay pawing mahalaga. Ibinibigay ni Karen Warren sa akda ni Dominador Bombongan [(1998: 67) *sa akin ang pagsasalin*] ang tuwirang kahulugan at sakop ng ekofeminismo:

> (A)ng ekofeminismo ay naka-base sa mga sumusunod nitong pinanghahawakan: (i) mayroong mahahalagang ugnayan ang pagkasiil ng kababaihan at ang pagkasiil ng kalikasan; (ii) ang maunawaan ang katuturan ng mga ugnayang ito ay kinakailangan upang magkaroon ng sapat na basehan sa mga nabanggit na pinanghahawakan; (iii) ang teorya at gawaing feminismo ay dapat na magkaroon ng ekolohikal na perspektibo; at (iv) ang mga kalutasan sa mga problemang ekolohikal ay dapat na magkaroon ng feminismong perspektibo.

Para sa mga naniniwala sa ekofeminismo, hindi maiiwasang maiugnay ang kababaihan sa kalikasan dahil sa normal namang pakikipagtalastasan, ikinakabit ang pagkakababae sa kalikasan. Halimbawa nito sa ating wika ang pagtawag sa kalikasan bilang *inang kalikasan* o dili kaya ang ideya na huwag wasakin ang

pagkabirhen nito. Ang kalikasan ay kalimitang naisasalarawan na mahirap tukuyin ang nararamdaman at di-matukoy ang kinahaharapan; sa ganitong kaparaanan iniuugnay ito sa mga babaeng hindi matukoy kung ano ang gusto at kaagad na nagagalit kung ito ay nasa kanyang buwanang dalaw.

Sa ating kultura, naipipinta ang kababaihan bilang mga taong walang boses; sila ang mga isinasantabi o dili kaya ipinagsasawalang-bahala ang mga opinyon. Gayundin ang kalikasan na hindi nagrereklamo sa tuwing ito ay masusugatan at maaabuso; wala itong kakayahang umangal; patuloy lang ito sa pagtanggap ng lahat ng mga negatibong bagay nang tahimik.

Ang lahat ng mga pagtingin na ito ay dahilan umano ng patriyarkal na kulturang naging sistema na ng iba't ibang lipunan (Bombongan 1998: 70). Dahil ikinakabit sa kalalakihan ang kakahayang makapag-isip nang may katwiran, sila ang may karapatan na magbigay-pasya sa paggalaw ng mundo. Ang mga kakabaihan naman ay kalimitang ipinapalagay na masyadong subhetibo, pabago-bago ang pag-iisip.

Para kay Karen Warren (Bombongan 1998: 75), isa sa mga nagsusulong sa katuturan ng ekofeminismo, ang isa mga sa nagawa ng patriyarkal na pag-iisip ay ang paghahati ng mga konsepto; mayroong dualismo sa lahat ng aspeto ng pamumuhay. Ang dualismong ito ani Warren (Bombongan 1998: 76) ang nagbibigay lehitimisasyon sa paniniil ng kalalakihan sa kababaihan at kalikasan. Dahil mayroong paghahati gaya ng mga kategoryang (Bombongan 1998: 76) babae at lalaki, katwiran at emosyon, kultura at kalikasan, atbp., ang dominasyon ay nagiging lohikal para sa lipunan. Normal at makatwiran lamang ang pagibabaw ng patriyarkal na kultura dahil normal din ang mga paghahati sa lipunan. Halimbawa ng lohika ng dominasyon ay ang eskema na inilahad ni Bombongan (1998: 78):

> Eskema A: (*Naturism)*
> (A1) Ang mga tao ay mayroong kamalayan na baguhin ang pamayanang kanilang tinitirhan; ang mga halaman at bato naman ay wala nito.
> (A2) Anumang mayroong kamalayang baguhin ang pamayanang kanilang tinitirhan ay moral na nakahihigit sa anumang bagay na wala nito.
> (A3) Kung gayon, ang tao ay moral na nakahihigit sa halaman at bato.
> (A4) Sa anumang bagay na X at Y, kung ang X ay moral na nakahihigit sa Y, makatwiran lamang na mapasailalim ni X si Y.
> (A5) Ergo, makatwiran na mapasailalim sa tao ang mga halaman at bato.

Sa iba pang eskema (Bombongan 1998: 78), inilalahad na makatwiran lamang mapasailalim ang kababaihan sa kalalakihan dahil naiuugnay ang kababaihan sa kalikasan at pisikalidad habang ang kalalakihan nama'y naiuugnay sa pag-iisip.

*Nakakapagpanibagong Feminismo*

Kakaiba ang ekofeminismo sapagkat ito ay umaayon sa nakapagpapanibagong feminismo o *transformative feminism* sa Ingles. Ang nakapagpapanibagong feminismo ay hindi lamang nilalabanan ang lahat ng paniniil sa kababaihan subalit sinisikap nitong matapos ang lahat ng uri ng kawalang-kapantayan sa lipunan (Tingnan kay Bombongan 1998: 96). Hindi ito katulad ng mga naunang prinsipyo ng feminismo na nakatuon lamang sa karapatan ng kababaihan. Ipinapalagay ng nakapagpapanibagong feminismo na ang lahat ng paniniil sa mundo ay magkaka-ugnay at ang kalutasan sa mga paniniil na ito ay ang tingnan ng buo o holistiko ang mga problema. Hindi lamang kababaihan ang apektado sa lohika ng dominasyon subalit lahat ng mga bagay na naisasantabi dulot ng patriyarkal na pag-iisip.

## Pag-uugnay kay Young at sa Ekofeminismo

Madaling makita ang mga ugnayan kay Young at sa pangkalahatang kaisipan ng ekofeminismo. Sa papel na ito nais kong mas bigyang diin ang mga kaugnayang ito gamit ang dalawa sa mga mukha ng paniniil ni Young: pagsasantabi at imperyalismong kultural.

Isa marahil sa puwedeng paglalapat ng mga kaisipan ni Young sa ekofeminismo ay ang pagtuligsa niya sa *de facto* na pagtingin sa katarungan o hustisya. Mariin ang hindi pagsang-ayon ni Young sa paggamit ng mga kaisipan ni Marx na upang mawala ang paniniil, dapat pantay-pantay[3] na naipapamahagi ang mga bagay-bagay; at isa na marahil ang hustisya sa mga ito. Para kay Young, dapat munang lutasin ang problema ng mga institusyon bago tuluyang matugunan ang problema ng katarungan (Mazo 2016, 37). Kaya hindi matugunan ang problema ng isang komunidad ukol sa kalikasan ay dahil kahit anong adhika mayroon ang isang pangkat ng mga tao, hindi nalilinis ang mga nagpapatakbo ng lipunan. Ang mga institusyon tulad ng *Department of Environment and Natural Resources* o DENR ay hindi tuluyang makausad sa mga programa nito dahil sa iilan na pilit ginagamit ang ahensya para sa mga pansariling interes. Hindi na marahil kailangan ng mga

[3] Para kay John Rawls ang katarungan ay kapantayan. Isa ito sa mga tinutuligsa ni Young. Para kay Young hindi agarang ang ibig sabihin ng katarungan ay simpleng pagkakapantay-pantay lamang. (Tingnan kay Mazo 2016, 34)

konkretong halimbawa nito dahil madaling makita ang mga ito sa mga pahayagan at mga balita o kuro-kurong napapanood sa telebisyon.

Walang mabilisang solusyon sa problemang inihain ko sa papel na ito. Ito rin ang ibig ipahiwatig ni Young. Ang paniniil ay bunga ng pag-inog ng panahon; kung mayroon mang pang-aabuso sa kalikasan ito ay dahil sa ito ay humalo na sa sistema ng pakikipag-ugnayan sa lipunan. Kung kaya rin naman ang pagsasawalang-kibo sa kalagayan ng kalikasan ay bunga ng pagtuon ng isip ng tao sa maraming bagay.

Ang pagturing sa kalikasan na nagdadala ng mga marka ng pagkababae ay dikta ng mga iilang makapangyarihan na patuloy sa pag-impluwensya ng pag-iisip. Anupa't maaaring ipalagay na minorya ang mga nag-iimpluwensyang ito, ang kanilang mga kaisipan ay sinasakop ang mga diskurso sa kasalukuyan. Halimbawa nito ang pananakop ng idyolohiya ng materyalismo, kapitalismo, at hedonismo; patuloy nitong isinasangkalang ang mga mahahalagang bagay na sa mata ng mundo ay hindi ganoon kahalaga. Hinihubog ng kulturang inihahain sa lipunan ang pagtingin ng tao sa kababaihan, kalikasan, atbp. Ang lohika ng dominasyon na ipinapalagay ni Warren ay maaaring itambal o i-angkop sa ideya ni Young na ang patriyarkal na pag-iisip ay siyang sumasakop sa kamalayan at perspektibo ng nakararami. Umaabot ito sa puntong ang opinyon ng mga makakapangyarihang kultura ay nagiging lehitimo at pangkalahatan.

Isinasantabi ang kalikasan dahil hindi ito mahalaga sa kasalukuyang pinagkaka-abalahan ng pamayanan. Sa mundo ngayon na labis pinahahalagahan ang teknolohiya, globalisasyon, at modernisasyon ng mga gawi ng tao, ang isyu o pakialam sa kalikasan ay tila nasa ilalim ng isang tatsulok. Ang masyadong pagluklok sa sarili o sa *ego* ang nagsasantabi sa mga bagay na tila walang pakinabang. Ang labis na pagbibigay-diin sa materyalismo at kapitalismo ang isa sa mga dahilan kung bakit naisasantabi ang kababaihan at ang kalikasan. Matapos gamitin ang babae at kalikasan ng patriyarkal na pag-iisip kaagad itong naitatapon dahil "nabigyang-sarap" na ang hilig ng lalaking kamalayan.

Para sa isang mas mabuting pagtingin sa ugnayan ng ekofeminismo at ang mga mukha ng paniniil ni Young, ito ang isang pagtatangka:

| Mukha ng Paniniil | Ekofeminismo |
|---|---|
| Pananamantala | Nagigipit ang kalikasan habang ang mga kapitalista ay patuloy sa paggamit nito para sa kita. |
| Pagsasantabi | Nawawala sa pletora ng diskurso ang kalikasan sa |

| | |
|---|---|
| | kadahilanang mas mahalaga (para sa kapitalistang pag-iisip) ang teknolohikal at ekonomikal na pag-unlad. |
| Kawalang-kapangyarihan | Walang boses ang kalikasan sa harap ng mga nananamantala. May mga grupo man ng taong ipinakikipaglaban ang kalikasan, sila ay itinuturing na minorya at agarang nagagapi ng impluwensya ng mas "makapangyarihan". Ang mga ahensya ng gobyerno tulad ng DENR ay hindi naibibigay ang nararapat para sa mga taong dapat mabigyan ng *budget* mula sa gobyerno. |
| Kultural na imperyalismo | Labis na ginagamit ang mga natural na pinagkukunang-yaman dahil sa impluwensya ng kanluraning kultura na gumawa nang gumawa para sa "pag-unlad". |
| Karahasan | Dahil sa kawalang ng pagkapukaw ng isipan, patuloy ang tao sa paglustay ng mga natural na pinagkukunang-yaman. |

**Konklusyon at Rekomendasyon**

Marami ang maaaring ibatong isyu hinggil sa paksa ng papel na ito. Maaaring ang mga ito ay:

a. Hindi naman kaya wala talagang koneksyon ang feminismo sa usaping pang-kalikasan?
b. Hindi kaya dikta lamang ng lipunan ang mga kaisipan ng mga ekofeminista?

Ang aking maisasagot sa mga katanungan ay hindi natin hawak ang pag-ikot ng mga kaisipan at palagay. Maaari nating gamitin marahil ang paraang analitiko upang basagin o kontrahin ang mga salaysaying nakasulat sa papel na ito subalit isa ang feminismo sa mga kaisipang nagsasabing "pansinin ang mga nasa gilid". Baka naman ang kaisipang nakalibing sa mga katanungang nabanggit ay dulot ng patriyarkal na pag-iisip at iwan na lamang ang usapin dahil hindi naman natin kayang makapagbigay ng pangkalahatang pagtatasa ng suliranin?

Gaya ng kaisipan ni Jean-Jacques Rousseau sa kanyang *Discourse on Inequality*, hindi natin matatakasan ang paglago ng mundo. Tayo lamang ay makiki-ayon; hindi natin kayang balikan ang mga dating kaisipan na nailibing na.

Anupa't hindi ako nagpapanggap na ang papel na ito ay kasagutan sa mas malalim na pag-unawa sa suliranin. Kaya nga ang aking naisulat ay isang paraan upang mas yumabong ang interes sa usapin o diskursong pang-kalikasan. Nakikita ko marahil na ang kasagutan ay ang tingnan ang problema bilang isang isyu na kakabit ng mga idyolohiyang pumapaimbabaw sa lipunan. Naniniwala ako sa palagay ni Young na ang mga pangyayari ng paniniil sa lipunan ay malalim ang pinanggagalingan. At ano ang solusyon ni Young? Ito ay ang tanggalin ang mga isyung tila nasa laylayan at ilagay sa gitna ng pulutong ng mga bagay na pinag-uusapan. Mainam ang teknolohiya, mga tiyak na agham, at ang mga bagay na madaling pagpangkat-pangkatin; hindi maikakaila na buhay at nagagamit ang mga ito sa pang-araw-araw na diskurso. Sa kabilang banda, baka naman maaaring isipin na kasinghalaga ng mga naunang nabanggit ang usapin ukol sa kababaihan, kalikasan, at ang mga iba pang patuloy na isinasantabi.

Sa usapin ng pananakop o imperyalismo, maaaring ang pagpapalutang sa diskursong aking nagawa ay maging isang panibagong kaisipan na sasakop o gagapi sa mga patriyarkal na kaisipang patuloy na binubulag ang pamayanan sa mga isyung mas dapat pagtuunan ng pansin. Kailangang magpasakop marahil ang tao sa mga bagong ideyang mas kapaki-pakinabang at magsusulong ng mga usapin tungkol sa mga paksang isinasantabi ng lipunan.

## SANGGUNIAN

Bombongan, D. Jr.. 1998. *Ecological feminism: its challenge to (eco)theology; an evaluation.* MA Theology Thesis. Katholieke Universiteit Leuven.

Demeterio, F.P.A. III. 2014. Iris Marion Young's theory of structural justice and collective responsibility. *Scientia: Liberal Arts Issue* (June 2014): 185-212.

Mazo, R.M. 2016. *Structural injustices and the university: A Youngian philosophy of higher education.* PhD Dissertation. De La Salle University.

Ruether, R.R. 1975. *New woman new earth.* New York: Seabury Press.

Young, I.M. 1990. *Justice and the politics of difference*. New Jersey: Princeton University Press.